**Ang nag-aaral ng wikang English, o English language learner o ELL, ay isang mag-aaral na may karagdagang suporta sa pag-aaral ng English sa paaralan. May 5.1 milyong ELL sa United States.***



**Noong 2019, alinsunod sa National Center for Education Statistics*

## Pagtukoy sa mag-aaral bilang isang ELL



1. Sinagot ninyo ang mga tanong tungkol sa wikang ginagamit ninyo sa bahay.



2. Sinukat ng isang pagsusuri ang mga kasanayan sa akademikong English sa pakikinig, pagbabasa, pagsasalita, at pagsusulat ng inyong anak.



3. Puwedeng turuan sa English ang inyong anak, bilang karagdagang sa iba pang klase.

Kukuha ng pagsusuri sa akademikong wikang English ang Mga ELL bawat taon. Makakatulong sa mga guro ang impormasyon ng pagsusuri na planuhin kung paano pinakamahusay na tuturuan ang inyong anak. Makakatulong din sa mga guro ang mga score sa pagsusuri na malaman kung kailan puwedeng huminto sa pagtanggap ng suporta sa wikang English ang inyong anak. Puwede ninyong gamitin ang impormasyon ng pagsusuri para gabayan ang inyong anak sa paaralan. Kausapin ang mga guro ng inyong anak tungkol sa:

- Kung kailan ninyo matatanggap ang mga score sa pagsusuri at kung paano susubaybayan ang paghusay ng inyong anak.
- Paano ninyo masusuportahan ang pag-aaral ng wika ng inyong anak sa bahay.
- Paano magbabago ang suporta habang humuhusay sa akademikong wikang English ang inyong anak.
- Kailan hihinto ang mga mag-aaral sa pagtanggap ng suporta sa wikang English.

---

**Mga puwede ninyong itanong**

- Ano ang mga layunin para sa aking anak?
- Paano tumutugma ang pag-aaral ng English sa iba pang kasanayang inaaral ng aking anak?
- Paano ninyo isinasama sa paaralan ang mga wika at kultura ng mga mag-aaral?

---

**Magtanong tungkol sa pag-aaral ng wikang English sa paaralan ng inyong anak.**
**Sinusuri ang mga mag-aaral bawat taon, pero mayroon kayong karapatang tanggapin o tanggihan ang suporta sa wika.**

WIDA™

Matatagpuan ang WIDA sa loob ng Wisconsin Center for Education Research sa University of Wisconsin-Madison.
© 2020 Ang Lupon ng Mga Rehente ng University of Wisconsin System, sa ngalan ng WIDA